
Kami Ngowan: Komparatibong Pagsusuri sa Katatagan, Pagkakakilanlan, at Hamon ng Katutubong Oyango (Agta) sa Camarines Sur at Katutubong Manide sa Camarines Norte

BENJO C. BARLESO, PhD

Central Bicol State University of Agriculture – Pili Campus
benjo.barleso@cbsua.edu.ph

MA. KAREN B. FAJARDO, PhD

Central Bicol State University of Agriculture – Pili Campus

BENJIE S. ILAGAN, PhD

Full Affiliation: Moreno Integrated School – Daet

Abstract — Ang pananaliksik na ito ay isang komparatibong pagsusuri sa Katutubong Oyango (Agta) sa Camarines Sur at Katutubong Manide sa Camarines Norte, partikular sa aspekto ng katatagan, pagkakakilanlan, at mga hamon ng makabagong panahon. Sinagot ng pag-aaral ang mahahalagang tanong ukol sa kanilang wika at panitikan, tradisyon, pamumuhay, kabuhayan, edukasyon, at panlipunang gawain.

Gumamit ang pananaliksik ng mga teoryang postkolonyal, kultural, katatagan, at panlipunan bilang balangkas ng pagsusuri. Sa pamamagitan ng kuwalitatibong etnograpikong disenyo, tinipon ang mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga kasapi ng komunidad, partikular ng mga nakatatanda sa Sta. Teresita (Oyango/Agta) at Osmeña (Manide). Piniling kalahok ang sampung tagapagsalita ng Oyango (Agta) dahil sa kanilang malalim na kaalaman at karanasan.

Sa datos na nakalap, natukoy na parehong matatag ang dalawang grupo sa pagpapanatili ng kanilang wika, panitikan, at tradisyon at aktibo sa pagpasa ng kaalaman sa kabataan. Ang Manide ay masigasig na ginagamit ang wika sa edukasyon, samantalang ang Oyango (Agta) ay mas aktibo sa adbokasiya at pagpapalaganap ng kanilang karapatan. Pareho silang may matibay na paniniwala sa ritwal, paniniwala sa kalikasan, at sariling sistema ng pamamahala. Gayunpaman,

magkaiba sila sa paraan ng pagharap sa hamon: ang isa'y mas lantad sa adbokasiya, ang isa nama'y higit na tahimik ngunit matatag sa tradisyon.

Napag-alaman din na pareho silang nahaharap sa panganib ng pagkawala ng wika at kultura, diskriminasyon, at limitadong akses sa serbisyo, na mas lalong lumalala depende sa lokasyon at antas ng suporta. Sa kabila ng mga ito, nakapagbuo ng solusyon ang pag-aaral sa pamamagitan ng “IRINGÓ”, isang kagamitang pampagtuturo na nakaugat sa sariling wika at kultura.

Keywords: Komparatibo, Pagsusuri, Katatagan, Pagkakakilanlan, at Hamon

I. INTRODUCTION

Sa tuluyang pagbabago ng makabagong panahon, ang katutubong pamayanang Pilipino, hindi maikakailang patuloy na humaharap sa hamon na dulot ng modernisasyon, urbanisasyon, at malawakang pagbabago sa lipunan. Ang modernong pag-usbong ng teknolohiya at pagbabago sa mga pananaw at pamumuhay ay nagdudulot ng mga oportunidad, ngunit kasabay nito ang panganib ng pagkaagnas o tuluyang pagkawala ng mahahalagang aspekto ng kanilang kultura, wika, at tradisyon. Ang katutubong Pilipino, gaya ng Katutubong Oyango (Agta), ay tagapagdala ng sinaunang kaalaman at tagapag-ingat ng malalim at natatanging pananaw ukol sa ugnayang tao, kalikasan, at pamayanan at kaalamang bumubuo at nagpapayaman sa pambansang pagkakakilanlan sa Inang Pilipinas.

Ang pundasyon sa bawat pananaliksik ay pangunahing matatagpuan sa pandaigdigang at pambansang dokumento at batas na pinagmumulan ng proteksiyon at pagtanaw sa karapatan ng katutubong Pilipino. Batay sa Artikulo 5 ng United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (2007), malinaw na pinapahalagahan nito ang karapatan ng katutubong Pilipino na payabungin at patatagin ng mga institusyong politikal, legal, ekonomiko, panlipunan, at kultural at ang kalayaang makibahagi sa pampolitika at pambansang buhay. Pinalalawak ito ng Artikulo 11, na kumikilala sa katutubo Pilipino na mapanatili, isagawa, at paunlarin ang kanilang kultural na tradisyon, ritwal, sining, at mga pamanang materyal at di-materyal na kabilang ang

mga *artifact*, arkiyolohikal at makasaysayang pook, disenyo, seremonya, teknolohiya, biswal at pagtatanghal na sining, at panitikan.

Gayunpaman, ang Katutubong Oyango (Agta) at iba pang katutubong Pilipino ay patuloy na nakararanas o nakadarama ng marginalisasyon, diskriminasyon, at kakulangan ng representasyon sa pangunahing naratibo ng bansa. Sa kabila ng kanilang mahabang kasaysayan ng paninirahan at pag-iral sa Oyango Tribal Settlement, Sta. Teresita, Iriga City, Camarines Sur, nananatiling buhay ang kanilang pasalitang kasaysayan, ritwal, at etnolingguwistikong tala. Ang mga ito ay patunay ng mayamang pamana ng kanilang lahi. Subalit, sa gitna ng patuloy na pagbabago at maging impluwensiya ng dominanteng kultura, nanganganib na maputol ang daloy ng kanilang kuwento, wika, at tradisyon lalo na kung hindi ito bibigyan ng pansin, dokumentasyon, at boses sa kontemporaryong diskurso ng lipunan.

Dahil dito, isinagawa ang pananaliksik na “Kami Ngowan: Komparatibong Pagsusuri sa Katatagan, Pagkakakilanlan, at Hamon ng Katutubong Oyango (Agta) sa Camarines Sur at Katutubong Manide sa Camarines Norte.” Ito ay may layuning siyasating lubusang unawain at itampok ang likhang naratibo ng katutubo, hindi lamang bilang isang akademikong hakbang, kundi bilang isang pangkasaysayang pananagutan na muling ibalik at palakasin ang kanilang tinig sa pambansang kamalayan at kamulatan. Sa pamamagitan ng komparatibong pagtingin, natutukoy ang mga hamon, kalakasan, at natatanging aspeto ng bawat katutubo, at napagtitibay ang pangangailangan ng may malawak na pagkilala at pagbibigay-halaga sa kanilang kontribusyon sa kasaysayan, kultura, at identidad ng bansa.

Bilang guro sa Filipino, mahalaga ang pananaliksik na ito sapagkat nagbibigay ito ng makabuluhang ambag sa pagpapaigting ng makabayang edukasyon at paghubog ng malalim na pag-unawa sa sariling kultura. Hindi lamang nilalayon ng pag-aaral na ito na pagtibayin ang kahalagahan ng wika, kundi higit sa lahat ay itampok ang papel ng katutubong pangkat tulad ng Oyango (Agta) at Manide sa pagbuo ng pambansang identidad. Sa pamamagitan ng komparatibong pagsusuri, naipapahayag at nabibigyan ng espasyo ang boses ng katutubo at kuwentong madalas ay hindi naririnig, ngunit mahalagang bahagi ng ating kasaysayan at lipunan.

Napakahalaga ring matukoy kung paano napapanatili ng Oyango (Agta) at Manide ang kanilang katatagan, pagkakakilanlan, at *resiliency* sa kabila ng hamong nararanasan, tulad ng

diskriminasyon, modernisasyon, at pagkawala ng lupang ninuno. Sa ganitong paraan, mas nauunawaan ang kanilang mga partikular na pangangailangan at ang mga hadlang sa kanilang pag-unlad, kaya't maaaring makapagbigay ng konkreong mungkahi para sa mga programang pang-edukasyon at pangkomunidad na tumutugon sa kanilang tunay na kalagayan.

Bukod dito, ang pagkilala at pag-unawa sa pagkakaiba-iba ng kultura ay mahalaga sa paglinang ng empatiya, respeto, at malasakit ng mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing mahalagang sanggunian hindi lamang para sa guro at mag-aaral, kundi para rin sa iba pang mananaliksik na nagnanais na palalimin ang diskurso hinggil sa katutubo at sa patuloy na pag-unlad ng kurikulum sa Filipino at isang kongkreto hakbang tungo sa higit na inklusibo, makatao, at makabuluhang edukasyon para sa lahat.

Pinagtitibay at pinapalalim naman sa antas ng bansa ang mga prinsipyong ito ng Republic Act 8371 o Indigenous Peoples Rights Act (IPRA Law). Ang batas na ito ay nagbibigay ng legal na pagkilala at matibay nitong proteksyon sa Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP) na isang kolektibong sistema ng kaalaman, paniniwala, kasanayan, ritwal, teknolohiya, at epistemolohiya ng katutubong Pilipino na naipapasa mula henerasyon hanggang henerasyon. Binibigyang-diin ng Indigenous Peoples Rights Act (IPRA Law) ang kahalagahan ng Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP) bilang mahalagang batayan ng kaalaman at pagkakakilanlan ng katutubong Pilipino, at bilang pundasyon ng kani-kanilang pagkakaintindi at pakikisalamuha.

Bilang suporta at pagpapatupad sa mga ito, may panukala ang Commission on Higher Education (CHED) ng mga polisiya upang gabayan ang Higher Education Institutions (HEIs) sa wastong pakikipag-ugnayan at pananaliksik sa katutubong pamayanan. Kabilang dito ang CHED Memorandum Order (CMO) No. 01, s. 2015 na tumutukoy sa pagbuo ng sensitibo, inklusibo, at etikal na pag-aaral; CHED Memorandum Order (CMO) No. 02, s. 2015 para sa pagbuo ng oportunidad higit sa pagpapanatili ng edukasyon ng katutubo at pagprotekta ng kanilang wika at tradisyon; at CHED Memorandum Order (CMO) No. 09, s. 2017 na nagbibigay-gabay sa mga *fieldwork* at *community engagements* na mayroong paggalang sa lokal na liderato at koordinasyon sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP).

Ang mandato ng Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 15, ay mahigpit na nag-uutos na tangkilikin, paunlarin, at protektahan ang estado ng sining at panitikan. Pinagtitiyap ito ng ibat-ibang polisiya ng Commission on Higher Education (CHED) na naglalayong bigyang pansin ang kurikulum ang panitikang katutubo upang mapalalim ang pambansang kamalayan at pagmamahal sa sariling bayan. Kaugnay rin nito ang Department of Education (DepEd) Order No. 10, s. 2024 o MATATAG Curriculum, na binibigyang-diin ang inklusibidad at integrasyon ng Indigenous Peoples Education (IPed) sa kurikulum upang mapanatili, mapahalagahan, at maisabuhay ang wika, kultura, at panitikan ng katutubong Pilipino. Layunin nito na mapalakas ang pambansang pagkakakilanlan at mapalawak ang kamalayan ng kabataan tungkol sa katutubong tradisyon at panitikan.

Ang panimulang ito ay nagsusulong ng pag-unawa na ang pananaliksik ukol sa katutubo, partikular sa Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide, ay hindi lamang isang akademikong tungkulin kundi isang makasaysayang obligasyon upang mapanatili, mapalago, at maprotektahan ang mayamang pamana ng ating bansa. Sa harap ng lumalawak na globalisasyon at modernisasyon, nararapat lamang na bigyang-halaga, boses, at puwang ang katutubo sa pambansang naratibo upang huwag tuluyang mawala o maglaho ang kabuoang identidad sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

Literature Review

Ang Komparatibong Etnograpikong Pananaliksik ay isang uri ng pagsisiyasat na gumagamit ng etnograpiya upang lubos na obserbahan, ilarawan, at ihambing ang kultura, gawain, paniniwala, at karanasan ng dalawa o higit pang pangkat ng tao. Ang pananaliksik na ito, mahalaga ang pakikisalamuha, pagmamasid, at panayam upang tunay na maunawaan ang pamumuhay ng tao sa kanyang sariling kapaligiran.

Sa aklat na inilathala ni Weaver (2022), tinalakay niya ang malawak na konsepto ng *resilience* o katatagan ng katutubong komunidad maging sa buong mundo. Ang *handbook* na ito ay nagsisilbing itong gabay sa pag-unawa sa *Global Indigenous Resilience* at kung paano ito nilalabanan ng katutubo Pilipino ang mga hamon tulad ng kolonyalismo, diskriminasyon, at

pagbabago ng klima. Binibigyang-diin ng aklat ang mga kahalagahan ng karapatan sa lupa, pagpapanatili ng kultura at wika, at pagtataguyod ng sariling pamamahala o *self-determination*. Bukod dito, inilahad din dito ang ibat-ibang kaparaanan kung paano umuunlad ang katutubo sa pamamagitan ng edukasyon, mga batas, at mga inisyatiba sa lipunan. Ang kolektibong karanasan ng ibat-ibang Indigenous Groups ay nagsisilbing inspirasyon at aral sa pagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan at maging ang kanilang komunidad.

Mula sa pag-aaral ni Abad at Abad (2022) ay naglalayong suriin ang kasalukuyang kalagayan ng wikang Manide, isang wika na nahaharap sa mga banta mula sa mga wika ng mayorya. Itinampok ng akdang ito ang mga hakbang na maaaring maisagawa upang mapanatili at maprotektahan ang wikang ito mula sa posibleng pagkalusaw. Ang pagsusuri ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pag-uusap, edukasyon, at pagsasanay upang mapanatili ang kultural na pagkakakilanlan at ang pamana ng wikang Manide sa kabila ng mga pagsubok na dulot ng globalisasyon at ng mga pagbabago sa katutubong pamumuhay. Sa akda, naipakita na ang pagpapanatili ng mga lokal na wika tulad ng Katutubong Manide ay hindi lamang isang usaping lingguwistika kundi isa ring mahalagang aspeto ng pagkakabansa at pagkilala sa sariling kultura.

Binigyang-diin nina Hanson at McKegney (2021), ang kahalagahan ng panitikan ng katutubong mamamayan bilang salamin ng kanilang karanasan, identidad, at kolektibong alaala ng katutubo. Ayon sa kanilang pananaliksik, ang tula, kuwento, alamat, at iba pang anyo ng panitikan ng katutubong mamamayan ay hindi lamang simpleng sining, kundi nagsisilbing tagapagdala ng mahahalagang aral, kasaysayan, at mga pagpapahalaga ng komunidad.

Ang panitikan ng katutubong mamamayan ay nagiging daluyan ang paglaban para sa pagkilala ng karapatan at pagkilala. Sa pamamarang pagsulat at pagsasalaysay ng sariling kuwento, ang katutubong mamamayan ay nagpapakita ng tunay na kalagayan, hinanakit, at maging mga hangarin ng kanilang katutubo. Nagiging mahalaga rin ito sa pagpapatuloy ng wika at kultura, lalong-lalo na sa banta ng modernisasyon at globalisasyon. Itinatampok na ang pagpapalaganap at pagtatangkilik sa panitikan sa katutubong mamamayan ay may mahalagang gampanin sa pagkakakilanlan, edukasyon, at katatagan ng kanilang komunidad.

Binigyang-diin nina Maddox et al. (2023) ang kahalagahan ng etikal na pamamaraan ng mga pagsasagawa ng pagsisiyasat sa katutubong mamamayan na naninirahan sa pamayanan. Ang

katutubong mamamayan ay ipinapaliwanag sa pananaliksik na lamang nakatuon sa hindi sapat ang simpleng pagkuha ng datos mula sa katutubo; kinakailangan ang malalim na paggalang sa kanilang karunungan, paniniwala, at kultura. Isinusulong ng pag-aaral ang pagkakaroon ng “informed consent,” aktibong partisipasyon ng komunidad, at pagbibigay-halaga sa *intellectual property* ng katutubong mamamayan.

Bukod pa rito, tinatalakay rin ng pagsisiyasat ang papel ng mananaliksik bilang katuwang (hindi lamang tagamasid) at maging ang pangangailangang magbalik ng benepisyong sa mga komunidad na pinag-aaralan. Ang ganitong etikal na pagsasagawa ay lubos na makakatutulong hindi lamang sa pagkuha ng mas totoo at makabuluhang datos, kundi pati sa pagpapatatag ng tiwala at ang pakikipag-ugnayan sa katutubong mamamayan at mananaliksik.

Ang pag-aaral ni Santos (2021) ay tumatalakay sa pag-angat ng kamalayan at pagbibigay-proteksyon nito sa karapatan ng katutubong mamamayan-pangkat gaya ng Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide. Ayon sa pananaliksik, mahalaga ang mga batas tulad ng Indigenous Peoples’ Rights Act (IPRA) upang bigyang-proteksyon ang kanilang mga karapatan sa lupa, wika, kultura, at sariling pamamahala. Ipinapakita rin sa mga pag-aaral na bagaman may mga legal na batayan sa proteksyon, may panibagong hamon pa rin sa aktuwal na pagpapatupad ng mga ito, tulad sa kakulangan ng impormasyon, diskriminasyon, at maging limitadong pagkilala mula sa gobyerno. Binibigyang-diin ang pangangailangang palakasin pa ang mga gawaing patakaran upang tunay na lubos na maprotektahan ang mga karapatan ng katutubo.

Ayon sa pag-aaral ni Girly Naval (2024) ay mahalaga sapagkat ipinapakita nito kung paano nakikilahok ang Katutubong Manide sa mga gawaing pangkabuhayan sa mercado lamang bilang simpleng kalahok maging bilang taong may sariling diskarte at desisyon na nakaangkla sa kanilang kultura, tradisyon, at matibay na ugnayan sa komunidad. Sa paggamit ng konsepto ng embeddedness ni Karl Polanyi, binibigyang-diin ng pagsisiyasat na ang ekonomiya ng Manide ay malalim na nakaugat sa kanilang pagkakakilanlan bilang katutubo, kaya’t ang kanilang kabuhayan ay hindi maaaring ihiwalay sa kanilang kultural na konteksto at panlipunang kalagayan.

Ang *case study* nina Doloso at Serrano (2025) ay makabuluhan dahil binibigyang-liwanag nito ang pananaw ng Katutubong Agta sa Camarines Sur hinggil sa kanilang sosyal na inklusyon. Ipinapakita ng pag-aaral na, bagama’t aktibo silang nakikilahok sa edukasyon, trabaho,

boluntaryong gawain, at mga kultural na aktibidad, nananatiling hamon ang kakulangan ng akses sa mga pangunahing serbisyo at oportunidad mula sa pamahalaan. Malaki ang ambag ng pananaliksik na ito dahil binibigyang-tugon nito ang pangangailangan ng inklusibong polisiya at programa upang tunay na maisama at mapalakas ang komunidad ng Agta sa lipunang Pilipino, nang hindi isinasakripisyo ang kanilang pagkakakilanlan at kultura.

Ang pag-aaral nina Delma Jean V. Abad at Eduardo M. Abad (2022) ay makabuluhan dahil masusing sinusuri nito ang kasalukuyang kalagayan ng wikang Manide bilang pundasyon ng kanilang pagkakakilanlan at kultura. Ipinapakita ng pananaliksik na bagama't patuloy pa ring ginagamit ang wika sa araw-araw, may panganib ng paglimos at unti-unting pagpapalit ng mas dominanteng wika. Kaya naman, inirerekomenda sa pag-aaral ang pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa sariling wika at kultura ng Katutubong Manide upang mapalakas, mapanatili, at maipasa sa susunod na salinlahi ang kanilang tradisyon at identidad bilang isang katutubong Pilipino.

Ipinapakita sa pag-aaral na ito na ang katatagan at pagkakakilanlan ng Katutubong Oyango (Agta) sa Camarines Sur at Katutubong Manide sa Camarines Norte ay nakaugat sa kanilang kultura, kolektibong lakas, at pakikibaka para sa kanilang mga karapatan. Ang kanilang karanasan ay isang patunay na ang tunay na lakas ng isang katutubo ay matatagpuan sa kanilang pagkakaisa, pagmamahal sa pinagmulan, at patuloy na pagsasabuhay ng kani-kanilang tradisyon sa kabila ng panibagong hamon ng makabagong panahon.

II. METHODOLOGY

Ang etnograpihong disenyo ng pananaliksik ay ginamitan sa pag-aaral na ito, na bahagi ng metodolohiyang kuwalitatibo, na nakabatay sa masusing pagkaintindi sa buhay, kaugalian, at maging ang pananaw ng iisang partikular. Ang etnograpiya ay nangangailangan ng aktwal na paglubog, pakikisalamuha, at pakikibahagi ng mananaliksik sa araw-araw na pakikipamuhay ng kanyang pinag-aaralan. Ang pamamaraang ito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na

obserbahan at maranasan mismo ang mga gawain, ritwal, at interaksyon ng mga kasapi ng komunidad, na nagbibigay ng masinsin at detalyadong datos.

Isinasagawa ang pananaliksik sa pamamaraang serye ng pakikipanayam sa matatandang katutubo at aktibong pakikisalamuha sa ibat-ibang kasapi ng komunidad. Sa ganitong klase, naipon ang mga mahahalagang datos na nagbubukas ng may malawak at malalim na pagpapahalaga sa kasaysayang salaysay, ang kaugaliang kultural, at sa mismong katutubong pagkakakilanlan ng mga Oyango (Agta). Ang etnograpihong pamamaraan ay tumutulong at hindi lang ito sa dokumentasyon ng kultura kundi pati sa pagpapalakas ng paggalang at pagkaintindi sa yaman ng tradisyon ng katutubong pamayanan.

Ang komunidad ng Katutubong Oyango (Agta) sa buong lungsod ng Iriga ng Camarines Sur ay matatagpuan sa barangay ng Antipolo, Cristo Rey, San Nicolas, La Anunciacion, Mampili, Del Rosario Banao, Niño Jesus, Perpetual Help, Sagrada, San Pedro, San Rafael, San Ramon, San Vicente Norte, Santiago, Sta. Cruz Norte, Sta. Isabel, Sta. Maria, Sta. Teresita, at Sto. Domingo. Sa libinsiyam (19), ang Sta. Teresita ang napiling lugar ng pagsisiyasat, alinsunod ng rekomendasyon ng miyembro ng panel. Pinili ang Sta. Teresita, dahil dito matatagpuan ang mataas na antas ng katiyakang pangseguridad sa lupain, na mahalaga bilang tahanan at sentro ng pamumuhay ng Katutubong Oyango (Agta).

Tinatayang may apatnaput (40) pamilyang Oyango (Agta) sa lugar, na binubuo ng humigit-kumulang isandaan at animnapu (160) katao. Karamihan sa populasyon ay mga batang kasalukuyang nag-aaral sa elementarya, sekundarya, at tersyarya. Sa kabilang dako, matatanda sa isang komunidad ay may kadalasang hindi na bibigyan ng pagkakataong makapag-aral, na maiuugnay sa kanilang paniniwala at takot sa mga “unat” o hindi katutubo.

Gumamit ang pag-aaral ng *purposive sampling* upang mapanatili ang kakayahan sa nasabing pananaliksik, na masusing pinili at inirekomenda ng opisyal ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP). Ang ganitong paraan, matitiyak na ang datos at pagsusuri ay nakapokus lamang sa mga natatanging karanasan at kalagayan ng Katutubong Oyango (Agta) sa napiling lokalidad.

Ang sampung (10) nakatatandang kasapi ng Katutubong Oyango (Agta) ang nagsilbing pangunahing tagapagsalita at kalahok sa pananaliksik na ito. Pinili sila dahil sa may malalim nilang kaalaman at personal na karanasan hinggil sa kasaysayan, kultura, at tradisyon na bumubuo ng istruktura sa kanilang komunidad. Ang kanilang direktang partisipasyon at matagal nang pakikilahok sa buhay ng katutubo ay naging mahalaga upang makuha ang tumpak, makatotohanan, at masalimuot na impormasyong pangangailangan upang masuri at matalakay ang layunin nitong pananaliksik.

Ang kalahok ay kinikilala at iginagalang na mga miyembro ng Katutubong Oyango (Agta) sa Sta. Teresita, Iriga City, Camarines Sur. Sila rin ay itinuturing na tagapag-ingat at tagapagdala ng kasaysayan at kultura ng kanilang katutubong pangkat. Ang pagpili sa kanila bilang pangunahing tagapagsalita ay nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan: may malawak na kaalaman at karanasan sa buhay, pagiging tagapag-ingat ng mga tradisyon at kasaysayan ng katutubo, sapat na gulang, at taglay na integridad at kakayahan bilang mapagkakatiwalaang tagapagbahagi ng impormasyon. Sa pamamaraang kanilang salaysay at karanasan, nakuha sa pananaliksik ang malalim na pagkaintindi sa kasaysayan, kultura, at mga kaugaliang nagbubuklod sa Katutubong Oyango (Agta), na naging pangunahing pamantayan sa pagsusuri sa mga isyung tinalakay sa pag-aaral. Higit sa lahat ang pagpapalalim ng ugnayan ng bawat pangkat.

Ang mananaliksik ay gumamit ng tematikong pagsusuri (thematic analysis) bilang pangunahing paraan sa paghawak at pagsusuri ng nakuha o nakalap na datos mula sa nasabing pagsisiyasat. Ang tematikong pagsusuri ay isang mahalagang pamamaraan sa pagsusuri ng kuwalitatibong impormasyon, partikular na ang tekstuwal na datos gaya ng transkripsyon ng panayam.

III. RESULTS AND DISCUSSION

Batay sa datos nalikom na datos, ang sumusunod ay ang mga natuklasan:

1. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Manide ay nananatiling matatag sa kanilang wika, panitikan, kaugalian, at tradisyunal na pamumuhay.

Wika at Panitikan. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay parehong may sariling wika na mahalaga sa kanilang pagkakakilanlan. Kahit may malakas na impluwensya ng ibang wika at edukasyon, patuloy nilang ginagamit at itinuturo ang sarili nilang wika, higit lalo sa pamamaraang pagkukuwento at awitin. Ang Katutubong Manide ay may dagdag na pagsisikap na gamitin at isama ang wika sa edukasyon. Sa ganitong paraan, nananatiling buhay ang kanilang wika at panitikan.

Tradisyon at Kaugalian. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay matibay pa rin sa kanilang tradisyon at kaugalian. Mahalaga sa kanila ang ritwal, paniniwala sa kalikasan, at sariling pamamahala. Patuloy nilang ipinapasa ang kaalaman sa kanilang ninuno at maging sa bagong henerasyon nito. At sa kabila ng pagbabago nitong panahon, nananatiling mahalaga sa kanila ang pamilya, pagtutulungan, at paggalang sa kalikasan, na nagpapalakas sa kanilang pagkakakilanlan at samahan bilang katutubo.

Pamumuhay at Kabuhayan. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay namumuhay pa rin nang malapit sa kalikasan at umaasa sa likas-yaman, tulad ng pangangaso, pangingisda, at pagtatanim. Simple at sama-sama ang kanilang pamumuhay para sa pamilya at komunidad. Kahit may bagong hanapbuhay, patuloy nilang nararanasan ang kahirapan at mga hamon sa kapaligiran, at nananatili ang kanilang tradisyunal na paraan ng pamumuhay.

Edukasyon at Panlipunang Gawain. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay nahihirapan sa pagkuha ng de-kalidad na edukasyon dahil na rin sa kahirapan, layo ng paaralan, at diskriminasyon. Sa kabila nito, patuloy silang nagtutulungan upang maituro ang mahahalagang kaalaman at kulturang pangkatutubo sa mga kabataan. Aktibo rin sila sa ritwal at pagtutulungan, kaya nananatiling matibay ang kanilang pagkakakilanlan at samahan kahit sa harap ng mga pagsubok ng bagong panahon.

2. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay magkatulad sa pagiging matatag, sa pagbibigay-halaga sa sariling wika at kultura, at sa paghaharap sa mga panibagong hamon ng modernong panahon.

Katatagan. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay parehong matatag sa pagharap sa mga pagsubok at pagbabago. Pareho nilang pinanghahawakan ang kanilang wika, tradisyon, at kaugalian. Nagkakaiba sila sa paraan ng pagpapakita ng katatagan: ang isa ay mas aktibo sa pagtutulungan at adbokasiya, habang ang isa ay mas tahimik ngunit matibay sa pagpapatuloy ng kanilang tradisyunal na pamumuhay.

Pagkakakilalan. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay parehong nag-uugat ang pagkakakilanlan sa wika, panitikan, ritwal, at kaugalian, at mahalaga sa kanila ang pagpasa ng kultura sa kabataan. Ngunit magkaiba sila dahil bawat isa ay may sariling wika, tradisyon, at ritwal na natatangi sa kanilang kasaysayan at karanasan.

Mga Hamon ng Modernasyon. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay parehong nahaharap sa hamon ng modernisasyon, gaya ng nalulusaw na wika at kultura, diskriminasyon, at limitadong akses sa edukasyon at kabuhayan. Nagkakaiba lang sila sa tindi at uri ng hamon depende sa kanilang lokasyon, tulong ng pamahalaan o NGO, at kung gaano kabilis pumasok ang pagbabago sa kanilang komunidad. May pangkat na mas mabilis na naaapektuhan ng urbanisasyon, habang ang iba ay mas nakakapanatili ng tradisyon dahil sa mas matibay na samahan.

3. Ang katatagan at pagkakakilanlan ng Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay mapapahalagahan at mapapaunlad sa pamamaraang patuloy na pagtangkilik at pagsasalin ng wika at tradisyon, edukasyong nakaugat sa kanilang kultura, pagtutulungan ng komunidad, suporta mula sa pamahalaan at NGO, tamang paggamit ng teknolohiya, at pagpapalaganap ng kamalayan at respeto sa kultura ng katutubo. Sa hakbang na ito, lubusang mapapalakas ang kanilang samahan at kakayahang harapin ang panibagong hamon ng makabagong panahon nang hindi nawawala ang kanilang pagkatao at pagkakakilanlan.

4. Batay sa pagsusuri, maaaring mabuo ang kagamitang pampagtuturo “**IRINGÓ**” na nakasulat sa sariling wika ng Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide na nakabatay sa kanilang

tradisyon, panitikan, at kultura. Sa kagamitang makakatulong sa lalong mapanatili, mapalaganap, at lubusang mapalalim ang pagkaintindi at pagmamalaki ng kabataan sa kanilang sariling pagkakakilanlan at pamana.

IV. CONCLUSION

Batay rito sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ang maibibigay na konklusyon:

1. Batay sa kinalabasang pagsusuri, anong kagamitang pampagtuturo mula sa dalawang katutubo ang maaaring mabuo sa kinalabasang pag-aaral.

Wika at Panitikan. Patuloy nilang ginagamit at pinapasa ang kanilang natatanging wika at panitikan, na pangunahing pasalita gaya ng mga alamat, kuwento ng pinagmulan, kasabihan, at awitin. Sa kabila ng banta ng malakas na impluwensya ng dominanteng wika at edukasyon, nagsisikap silang mapanatili at mapalaganap ang sariling wika, lalo na sa panig ng Manide na aktibong nagdodokumento at naglalapit ng wika sa edukasyon.

Tradisyon at Kaugalian. Nananatiling matibay ang kapit ng parehong pangkat sa kanilang ritwal, paniniwala sa kalikasan, at sariling sistema ng pamamahala. Anumang mga pamana ng ninuno ay tuluyang ipinapasa sa kabataan sa pamamaraang ng gawain, pagtuturo, at seremonya, at pamilya, pagtutulungan, at paggalang sa kalikasan ay nananatiling pundasyon ng kanilang kultura.

Pamumuhay at Kabuhayan. Ang kanilang pamumuhay ay malapit pa rin sa kalikasan at nakabatay sa tradisyunal na kabuhayan tulad ng pangangaso, pangingisda, at pagtanim. Ito man ay ilang alternatibong pinagkakakitaan na pumapasok, nananatiling simple, kolektibo, at nakasentro sa pangangailangan ng komunidad ang kanilang paraan ng pamumuhay. Gayunman, patuloy din nilang nararanasan ang kahirapan, limitadong oportunidad, at mga hamon ng pagbabago sa kapaligiran.

Edukasyon at Panlipunang Gawain. Nahaharap pa rin sila sa mga limitasyon pagdating sa akses sa de-kalidad na edukasyon dahil sa kahirapan, distansya, at diskriminasyon. Sa kabila nito, patuloy ang pagsisikap ng komunidad na ituro sa kabataan ang mahahalagang kaalaman at

pagpapahalaga sa kultura. Aktibo rin sila sa ritwal, pagtutulungan, at organisadong panlipunang gawain na nagpapalakas sa kanilang pagkakakilanlan at samahan bilang katutubo.

2. Makikita ang parehong pagkakatulad at pagkakaiba ng Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide hinggil sa katatagan, pagkakakilanlan, at mga hamon ng modernisasyon:

Katatagan. Ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide ay parehong matatag sa pagharap sa mga pagsubok at pagbabago, gamit ang kanilang wika, tradisyon, at kaugalian bilang lakas. Nagkakaiba sila sa pagpapakita ng katatagan: ang isa ay mas aktibo sa pakikibaka at pagtutulungan, habang ang isa ay mas tahimik ngunit matibay sa pagpapatuloy ng tradisyonal na pamumuhay.

Pagkakakilanlan. Malalim ang ugat ng parehong pangkat sa kanilang wika, panitikan, ritwal, at kaugalian. Ang pagpasa ng kultura at kaalaman mula sa matatanda patungo sa kabataan ay mahalaga upang mapanatili ang yaman ng kanilang katutubong kultura. Gayunpaman, may pagkakaiba dahil bawat pangkat ay may natatanging wika, partikular na tradisyon, at sariling anyo ng panitikan at ritwal na sumasalamín sa kanilang lokal na kasaysayan at karanasan bilang katutubo.

Mga Hamon ng Modernisasyon. Parehong nahaharap ang Katutubong Oyango (Agta) at Katutubong Manide sa hamon ng pagkalusaw ng wika at kultura dahil sa malakas na impluwensya ng dominanteng wika, edukasyon, at teknolohiya. Dumaranas sila ng diskriminasyon at limitadong akses sa edukasyon, kabuhayan, at mga serbisyong panlipunan. Ngunit nagkakaiba ang antas at anyo ng hamon batay sa lokasyon, suporta mula sa pamahalaan o NGO, at lawak ng pagpasok ng modernisasyon sa kanilang komunidad. May pangkat na mas mabilis na naapektuhan ng urbanisasyon at teknolohiya, habang ang iba ay mas nakakapanatili ng tradisyon at pagkakabuklod dahil sa mas konserbatibong pamumuhay at matibay na ugnayan sa loob ng komunidad.

3. Ang pagpapaunlad ng katatagan at pagkakakilanlan ng Katutubong Oyango (Agta) at Manide ay nangangailangan ng sama-samang pagkilos ng komunidad, pamilya, edukasyon, at mga institusyon. Mahalaga ang patuloy na paggamit, pagsasalin, at dokumentasyon ng wika at tradisyon, pati na rin ang edukasyong nakabatay sa sarili nilang kultura. Ang pagtutulungan sa komunidad, suporta ng pamahalaan at NGO, at tamang paggamit ng teknolohiya ay susi sa pagpapanatili ng kanilang kultura upang malampasan ang mga hamon ng makabagong panahon.

4. Ang “IRINGÓ” na kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa sariling wika, tradisyon, at karanasan ng Katutubong Oyango at Manide ay mahalaga upang mapanatili at mapalaganap ang kanilang kaalaman at kultura, at upang magsilbing inspirasyon para sa susunod na henerasyon ng kanilang komunidad.

REFERENCES

- [1.] United Nations. (2007). *United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples*. United Nations General Assembly Resolution 61/295. <https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/declaration-on-the-rights-of-indigenous-peoples/>
- [2.] Republic Act No. 8371 (Indigenous Peoples' Rights Act of 1997). (1997). *An Act to Recognize, Protect, and Promote the Rights of Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples—Republic of the Philippines*. <https://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/>
- [3.] Commission on Higher Education. (2015a). *CHED Memorandum Order No. 01, series of 2015: Policy Framework for the Development of the Indigenous Peoples Higher Education Program and for the Implementation of the Education Provisions of the Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)*. <https://ched.gov.ph>
- [4.] Commission on Higher Education. (2015b). *CHED Memorandum Order No. 02, series of 2015: Pathways to Indigenous Peoples' Higher Education*. <https://ched.gov.ph>
- [5.] Commission on Higher Education. (2017). *CHED Memorandum Order No. 09, series of 2017: Enhanced Guidelines for Student Internship Program in Higher Education*. <https://ched.gov.ph>
- [6.] Official Gazette. (1987). *1987 Constitution of the Republic of the Philippines*. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines/>
- [7.] Department of Education. (2013). *DepEd Order No. 32, s. 2013: Implementation of the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph/implementation-of-the-indigenous-peoples-education-curriculum-framework/>
-

-
- [8.] Said, E., Bhabha, H.K., Spivak, G.C., Fanon, F. (1994)., Ang Kolonyalismo sa Kultura at Identidad ng mga Katutubo. <https://11nk.dev/suzcncs/>
- [9.] Hall, S. (1990). Ang Pagkakakilanlan ng Isang Karanasan at Kasaysayan. <https://11nk.dev/x4dvrp8/>
- [10.] Garmezy, N., Werner, E., Masten, A., Ungar, M. (2000). Ang mga Hamon at Pagsubok sa Buhay. <https://11nk.dev/x4dvrp8/>
- [11.] Weaver, (2022). The Routledge International Handbook of Indigenous Resilience. <https://www.routledge.com/The-Routledge-International-Handbook-of-Indigenous-Resilience/Weaver/p/book/9780367499853>
- [12.] Abad & Abad (2022). Ethnolinguistic Vitality of the Manide Tribe: Basis for Proposing Educational Material Plan. https://ijlls.org/index.php/ijlls/article/view/932?utm_source=openai
- [13.] Hanson & McKegney (2021). Indigenous Literature and the Rearticulation of Indigenous Identity. <https://taylorandfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9780429320491-21/indigenous-literature-rearticulation-indigenous-identity-erin-hanson-sam-mckegney>
- [14.] Maddox, et al., (2023). Ethical Indigenous Research: Respecting Knowledge and Beliefs. <https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/14675986.2023.2177490>
- [15.] Santos, (2021). Pagkilala at Proteksyon ng Karapatan. Philippine E-Journals.
- [16.] Naval, (2024). Embedded Markets and Indigenous Economic Agency: Institutional Dynamics of the Manide Community's Market Participation in Camarines Norte, Philippines. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=6642054&utm_source=openai
- [17.] Doloso at Serrano, (2025). Exploring Agta's Perception of Social Inclusion. https://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2025-25053/?utm_source=openai
-

-
- [18.] Abat at Abad, (2022). Ethnolinguistic Vitality of Manide Tribe: Basis for Proposing Educational Material Plan.
https://ijlls.org/index.php/ijlls/article/view/932?utm_source=openai
- [19.] Caulfield, J. (2023). What is ethnography? / Definition, guide, & examples.
<https://www.scribbr.com/methodology/ethnography/>
- [20.] Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>